## Masdan ang Poong Nagliligtas

Masdan ang poong nahihirapan
Masdan ang matang luhaan
Masdan ang bawat sugat ang paglait, pag libak, nang dahil sa sala ng lahat.

Anong hiwaga at pagkadalisay
Sa bawat sakit ay nakuhang magmahal?
Sa krus aking namalas, bakas sa lahat ng hirap at dusang sa tao'y nagligtas

Masdan ang poong nakabayubay
Masdan katawang lupaypay
Masdan mo ang pagdanak ng dugong lubhang banal, humugas sa sala ng lahat

Anong hiwaga at pagkadalisay
Sa bawat sakit ay nakuhang magmahal?
Sa krus aking namalas, bakas sa lahat ng hirap at dusang sa tao'y nagligtas

Masdan ang poong di nakalimot
Masdan ang sayo'y tumubos
Masdan ang pagdurusa, dahilan ay pagsinta
At upang mabuhay ka ng walang hanggan.